（TAGALOG/タガログ語版）　　No. 57

KIAN
KAWASAKI INTERNATIONAL ASSOCIATION NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City
NO. 169

# Pistang Opisyal sa Munisipyo at Pasilidad ng Kawasaki. No.1

Ipinagbibigay alam sa lahat na ang Munisipyo ng Siyudad ng Kawasaki at iba pang mga Tanggapan ay sarado mula ika-28 ng Disyembre 2004 hanggang ika-4 ng Enero 2005. Bagama't ilan sa mga ito ay may nakatakdang araw ng paglilingkod, kaya't kinakailangang ikumpirma o maagang makipag-ugnayan muna sa tagapangasiwa ng opisinang nais gamitin.

**Ang mga sumusunod ay iskedyul ng pistang opisyal sa mga pangunahing Tanggapan.**

| Petsa ng Pistang Opisyal (Araw ng Pahinga) | Departamento/Opisina/Pasilidad |
|---|---|
| Disyembre 29 - Enero 3, 2005 | International Center,Shimin Plaza, Shimin Katsudo Center |
| Disyembre 28 - Enero 4, 2005 | Kyoiku Bunka at mga sangay nito, Shiminkan at kasaping pasilyo nito(Bukas ang resepsyon o tanggapan sa ika-28 ng Disyembre at magsisimula sa ika-4 ng Enero) |
| Disyembre 29 - Enero 4, 2005 | Silid-aklatan at mga iba pa nitong silid (Ang *internet booking system* ay hindi magagamit mula ika-3 ng hapon ng Disyembre 29 hanggang ika-5 ng hapon ng Enero 3 dahil sa gagawing *"maintenance work"*.) |
| Disyembre 27-Enero 4, 2005 | Okamoto Taro Museum, The Japanese Folk Park, The Youth Science Museum at Kawasaki City Museum |
| Disyembre 29-Enero 4,2005 | Yonetty Ozenji |
| Disyembre 29-Pebrero3,2005 | Yonetty Tsutsumine (May kukumpunihin sa loob ng gusaling ito) |
| Disyembre 29-Enero3,2005 | ***Fureai Net*** hindi maaaring mag-access mula sa inyong kompyuter dahil sa gagawing inspeksyon sa sistema nito. |

No.170

# Pistang Opisyal sa Munisipyo at Pasilidad ng Kawasaki. No.2

◆Ang Funeral Homes kagaya ng Kawasaki Nambu Saien ay may serbisyo sa ika-31 ng Disyembre 2004 hanggang ika-4 ng Enero 2005.

◆Ang mga aplikasyon ng pagtatala ng pamilya, (koseki) , rehistro ng pagpapakasal, at iba pa ay tatanggapin sa ***guard room*** ng opisina ng distrito sa panahon ng ika-29 ng Disyembre hanggang ika-3 ng Enero, 2005

◆ Gayun din sa panahong nabanggit, maaaring makabili ng City Bus Monthly Passes at Bus Cards sa City Bus Centers.

◆Sa Bagong Taon naman ay bukas ang Yumemigasaki Animal Park na nasa Saiwai Ward at Shin-Shuen Park na nasa Kawasaki ward.





Inyong mababasa at makikita sa December 1st edition ng *Shisei Dayori* (libreng pahayagan ng Kawasaki) ang mga impormasyon tungkol sa kolekta ng basura at recyclable na basura sa lahat ng lugar ng siyudad ng Kawasaki. Matutunghayan din sa isyung ito ang impormasyon ng serbisyo ng mga tagubilin tungkol sa batas (legal advice) atbp. At sa December 21st edition ng Shisei Dayori ay inyong makikita ang pistang opisyal ng mga emergency clinics at dental clinics.

Ipinagbibigay alam din sa lahat na ang Kawasaki City Citizens Recreation Center ay maaaring magamit hanggang sa katapusan ng Marso 2005. Sa kadahilanang ito ay isasara, and Siyudad ng Kawasaki ay nagtalaga ng ibang resorto o pasilidad para sa mga mamamayan at mga naghahanap-buhay sa siyudad ng Kawasaki na magagamit ito nang may makatarungang halaga.

Para sa iba pang impormasyon,basahin at tingnan ang "leaflet" na ipinamimigay sa mga ward offices, branch offices at silid-aklatan o kaya ay sa Kawasaki City Homepage.

No.171

## Aplikasyon sa Pagpasok sa Nursery Schools para sa taong 2005

Ang huling araw ng pagsusumiti ng aplikasyon para sa pagpasok sa "nursery school" ay sa ika-21 ng Enero,2005. Ang proseso ng paghirang ay mula sa ika-5 ng Pebrero, 2005. Makipag-ugnayan sa Health and WelfareCenter ng bawat distrito at sa Daishi & Tajima Branch Service Centers para sa impormasyon ng pagpasok, aplikasyon at iba't-iba pang mga katanungan. Kung mag-aaply sa ibang iskwelahan sa labas ng siyudad ng Kawasaki, makipag-ugnayan sa opisina ng inyong lokal na pamahalaan.



## Ihanda ang mga tubo sa panahon ng taglamig

Ngayong panahon ng taglamig (winter) and mga tubo ng tubig ay madaling manigas na parang yelo kung kaya't ito ay madaling masira at nagbabara. Upang maiwasan ang ganito, balutin ng isponghang or tela ang mga tubo o kaya naman ay buhusan ng mainit na tubig ang mga tubo. Kung ang tubo ay masira, isara ang balbula ng tubig at tagpian ng tape o tela ang mga butas o kaya naman ay tumawag ng tubero. Kung may mga katanungan tungkol sa serbisyo ng pagkumpuni ay makipag-ugnayan sa Kawasaki City Waterworks ServiceBureau Repairs Center sa telepono na may numerong 0120-014-734.

Issued by The Kawasaki International Association
2-2 Kizuki Gion Cho,Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center
Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/